
# ADVENTURES OF KARAPATANA




AMNESTY INTERNATIONAL


ISANG ARAW HABANG NAGPAPATROL SI KARAPATANA...
ANONG NANGYAYARI SA'KIN? BAKIT PARA AKONG NAHIHILO?
PARA DIN AKONG NADUDUWAL...
DALAWANG LINGGO NA NGA PALA AKONG DELAYED!
DI KAYA BUNTIS AKO? NAKU...ANONG GAGAWIN KO...




MADAMING TUMAKBO SA ISIP NI KARAPATANA...
BAKA PAPAGALITAN AT IKAKAHIYA AKO NG AKING PAMILYA...
BAKA HUSGAHAN AKO NG AKING MGA KAIBIGAN...
HINDI PA DIN KAMI HANDANG MAGKAANAK NI JAKE...
DAPAT BA AKONG KUMONSULTA NA SA DOKTOR? NATATAKOT AKO...
HINDI KO ALAM ANG GAGAWIN KO...
KARAPATANA...



ANONG NANGYAYARI SAYO? MAY SAKIT KA BA?
Susan
BUNTIS YATA AKO AT HINDI KO ALAM ANG DAPAT KONG GAWIN...
KUNG BUNTIS KA MAN, WALA KANG DAPAT IKATAKOT KARAPATANA. AYON SA REPRODUCTIVE HEALTH ACT OF 2012, DAPAT NA MAGBIGAY ANG GOBYERNO NG MGA PARAAN PARA MAKA-ACCESS ANG LAHAT NG NAGBUBUNTIS NG PRE-NATAL CARE. NAKASAAD DIN ITO SA MAGNA CARTA FOR WOMEN. HALIKA, PUMUNTA TAYO SA HEALTH CENTER PARA ALAMIN ANG MGA SERBISYONG ITO.
DAPAT ANG HEALTH CENTER SA ATING LUGAR AY MAY KAKAYANANG MABIGYAN KA NG KARAMPATANG PAYO AT IMPORMASYON HINGGIL SA LAHAT NG URI NG PARAAN NG PAGPAPLANO NG PAMILYA AT KALUSUGAN NG MGA INA. MAARI KA RING KUMUNSULTA NG LIBRE SA DOKTOR NA NAKATALAGA DITO.
SA BARANGAY HEALTH CENTER O BARANGAY HEALTH STATION MAY MGA BARANGAY HEALTH WORKERS, KUMADRONA AT IBA PANG MGA HEALTH VOLUNTEERS NA MAARING TUMULONG SAYO.






MAARI KA NILANG BIGYAN KAALAMAN TUNGKOL SA USAPING PAGBUBUNTIS AT PAYO TUNGKOL SA PRENATAL AT POSTNATAL CARE.
NAGPAPAYO SILA HINGGIL SA IMUNISASYON AT MGA MICRONUTRIENT SUPPLEMENTS PARA SA MAGIGING INA
KUNG HINDI KA NAMAN HANDA NA MABUNTIS, NAMIMIGAY SILA NG CONDOMS, PILLS, INJECTABLE AT ORAL CONTRACEPTIVES.
KUNG WALA NAMAN YONG PRODUKTO O GAMIT NA MAY KINALAMAN SA RESPONSABLENG PAGPAPLANO NG PAMILYA, MAARI KA NILANG I-REFER SA IBA PANG MGA PASILIDAD SA LOOB NG SERVICE DELIVERY NETWORK.
KUNG IKAW NAMAN AY BIKTIMA NG KARAHASAN LABAN SA KABABAIHAN, MAARI KA RING DUMULOG AT MAGSUMBONG SA BARANGAY HEALTH STATION UPANG ITO'Y MATUKOY, MADOKUMENTO AT MAIULAT SA RESPONSABLENG AHENSYA.
GANITO DAPAT ANG NAKUKUHA NATING SERBISYO MULA SA MGA BARANGAY HEALTH CLINICS HINGGIL SA ATING SEXUAL HEALTH AND REPRODUCTIVE RIGHTS. BANTAYAN AT SIGURADUHIN NATING LAHAT NG ITO AY NAIIBIBIGAY NG LOKAL NA PAMAHALAAN.


HEALTH CENTER
MARAMING MARAMING SALAMAT SA'YO! IKAW AY ISANG TUNAY NA SUPERHERO!
WALANG ANUMAN KARAPATANA! LAGI AKONG HANDANG TUMULONG KANINO MAN!


NGAYON AY ALAM KO NA KUNG ANO ANG MGA SEXUAL AND REPRODUCTIVE HEALTH AND RIGHTS KO
ALAMIN KUNG ANONG MGA SERBISYO ANG IBINIBIGAY NG INYONG LOCAL HEALTH CENTER
MAHALAGA ITO HINDI LAMANG SA MGA BUNTIS NA KATULAD KO NGUNIT SA LAHAT NG KABABAIHAN AT KABATAAN
ANGKININ AT HINGIN SA PAMAHALAAN ANG MGA KARAPATANG NAKAPALOOB SA "RESPONSIBLE PARENTHOOD AND REPRODUCTIVE HEALTH ACT"

Ang **AMNESTY INTERNATIONAL (AI)** ay isang pandaigdigang organisasyon ng mga aktibistang kumikilos para sa karapatan pantao. Ito ay grupo ng mga boluntaryong aktibista na nagbibigay ng kanilang panahon at lakas para sa mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao. Pinagtutuunan ng AI ang makipagtulungan at magtaguyod ng proteksyon sa karapatang pantao para sa lahat.

Ang AI ay isang organisasyong nangangampanya para sa karapatang pantao. Ito ay nagsasaliksik, nagdudokumento at nag-uulat ng mga pang-aabuso. Nagiging daan din ito para sa karaniwang tao na makapagsalita at magprotesta para sa mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao.
Demokratiko at may sariling pamamahala ang AI. Ito ay may mahigit 7 milyong kasapi at tagapagtaguyod sa mahigit 150 bansa sa buong mundo. Ang kalakhang pondo ng AI ay mula sa mga kontribusyon ng mga kasapi at donasyon ng publiko.

AMNESTY INTERNATIONAL

**AMNESTY INTERNATIONAL PHILIPPINES**
**NATIONAL SECRETARIAT**
18-A Marunong St.,
Bgy. Central, Quezon City
1100 Philippines
T (632) 3764342
F (632) 4338100
E: section@amnesty.org.ph
www.amnesty.org.ph
Follow @amnestyph on Twitter
@amnesty_ph on Instagram
Like www.fb.com/amnestyph

Tawagan ang lokal na
Amnesty International Philippines group sa inyong area: